4

# Modelong Banghay-Aralin sa GMRC

Kuwarter 3

Aralin

4

IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa GMRC 4**
**Kuwarter 3: Aralin 4 (Linggo 5)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Lily Fetalsana-Apura (Silliman University)

**Tagasuri:**
- Liza T. Bacierra (Leyte Normal University)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

**GMRC/ KUWARTER 3 / BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa kababaang-loob sa kapuwa bilang tanda ng pananampalataya |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga aral ng kababaang-loob sa kapuwa mula sa kinabibilangang pananampalataya bilang tanda ng pagiging mapagpakumbaba. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Nakapagsasanay sa pagiging mapagpakumbaba sa pamamagitan ng regular na pananalangin, kusang pag- amin sa mga nagawang kamalian, at pagkilala na lahat ay magkakapantay-pantay o walang nakahihigit sa isa't isa**<br><br>a. Nakapagpapahayag ng mga aral ng kababaang-loob sa kapuwa mula sa kinabibilangang pananampalataya.<br>b. Naipaliliwanag na ang kababaang-loob sa kapuwa bilang tanda ng pananampalataya ay nakatutulong sa pagpapabuti ng kanilang ugnayan tungo sa paglilingkod sa iba.<br>c. Naisasakilos ang mga aral ng kababaang-loob sa kapuwa mula sa kinabibilangang pananampalataya. |
| **D. Nilalaman** | Kababaang-loob sa Kapuwa Bilang Tanda ng Pananampalataya<br><br>1. Paniniwala at Pagkikipag-ugnay sa Diyos Ukol sa Pagpapakumbaba<br>2. Paniniwala at Pakikipag- ugnay sa Kapuwa Batay sa Pananampalataya<br>3. Paglalapat ng mga Aral ng Pananampalataya sa Pakikipag- ugnay sa Kapuwa: Pagpapakumbaba |
| **E. Integrasyon** | Relihiyon at Kultura: Kristiyano, Hindu, at Islam |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Blain, T., MA. (2024, April 30). *Why is it important to stay humble?* Verywell Mind. https://www.verywellmind.com/why-is-it-important-to-be-humble-5223266 |

Ethics, A. R. &. (2020, March 2). *Humility: the beginning and end of the virtues*. ABC Religion & Ethics. https://www.abc.net.au/religion/humility-beginning-and-end-of-virtue/10616416
Hindupedia, T. H. E. (2023, April 7). *Ideals and Values/Humility and Respect for Everyone - Hindupedia, The Hindu Encyclopedia.* Hindupedia, the Hindu Encyclopedia. https://hindupedia.com/en/Ideals_and_Values/Humility_and_Respect_for_Everyone
Huda. (2019, January 28). *How is humility important in Islam?* Learn Religions. https://www.learnreligions.com/humility-in-islam-2004505
*Humility*. (n.d.). The Religion of Islam. https://www.islamreligion.com/articles/1693/humility
PsyD, R. K. (2024, April 18). *How to Practice Humility (with Pictures) - wikiHow.* wikiHow. https://www.wikihow.com/Practice-Humility
Rimi. (2021, January 27). *Why Christians pray with their hands folded? answered.* Just Disciple. https://justdisciple.com/christian-prayer-hands/

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**Maikling Balik-aral**<br><br>Alalahanin natin ang kabutihang dala ng pagpapahalaga ng pakakapantay-pantay sa pamayanan at mga pamamaraan ng pagsasabuhay nito.<br><br>Ang klase ay hahatiin sa pangkat na may limang mag-aaral. Ang bawat pangkat ay gagawa ng salaysay alinsunod sa salaysay sa ibaba. Sabayang bibigkasin ito ng pangkat sa harap ng klase.<br><br>Sa (mabuting dulot ng pagkakapantay-pantay_)______________ ng pamayanan,<br>Dapat _(pagsasabuhay ng pagkakapantay- pantay)__________________________.<br>Halimbawa:<br>Sa *kapayapaan at kaunlaran ng pamayanan*, dapat *walang inaapi at tinatapakan.* | **Halimbawa:**<br><br>*Sa ikauunlad ng pamayanan,*<br>*Dapat ang karapatan ng maralita ay pinangangalagaan.* |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>**Pag-uusap at Pagsasagawa:**<br><br>1. Ano-anong mga kilos ang angkop sa loob ng bahay-sambahan? Isagawa ang mga ito sa harapan. Bakit ganito ang dapat nating kilos? Anong katangian ang ipinapakita ng mga kilos na ito? Bakit ang mga ito kailangan sa pakikipag-ugnay sa Diyos? | **Mga tamang sagot:**<br><br>1. Pakikinig, pagyuko sa panalangin, pagluhod at pagtayo sa angkop na parte, pagpapakumbaba, |

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Ano anong mga kilos naman ang hindi dapat sa loob ng bahay-sambahan? Isagawa nating ito sa harapan at ihambing sa nararapat na kilos. Bakit hindi ito maganda sa pagsamba? Anong asal o kaugalian ang naiisip natin kapag ganito ang kilos ang nakikita natin sa loob ng bahay sambahan?<br><br>3. Naobserbahan ba ninyo ang mga magagandang kilos at hindi magandang mga kilos sa loob ng bahay-sambahan? Ano ang katangiang ipinapakita ng mga nararapat na kilos sa loob ng sambahan?<br><br>**Pagpapakilala ng Paksang Aralin**<br><br>**Paghawan ng Bokabularyo**<br><br>Ano ang kababaang-loob?<br><br>Ang kababaang-loob ay pagkilala ng sariling kakayahan at kahinaan. May paniniwala na ang kababaang-loob ay isang kahinaan. Ngunit, iba ito sa pagpapakaaba. Ang kababaang-loob ay makatotohanang pagkilala sa sarili na walang pagkukumpara sa iba at pagyayabang. Nagdudulot ang tunay na pagkilala sa sarili ng pagtanggap sa sarili at kahinahunan ng pag-iisip. Bunga ito ng pagkikipag-ugnay sa Diyos, sariling kamalayan, at mabuting pagkilala sa kapuwa. Kagaya ng pananampalataya, ang kababaang-loob ay nakikita sa ating asal at gawa. | pangungumpisal o pag-amin ng kasalanan.<br><br>Pagpapakita ng paggalang sa kapuwa mananamba at pagpapakumba sa harapan ng Diyos. Dahil ang Diyos ay banal at makapangyarihan. Siya ang ating manlilikha. Ang Diyos ay ating Diyos na dapat sambahin. Tayo ay nagpapakumbaba, wala tayong ipagmamayabang sa Diyos at kahit sa ating kapuwa.<br><br>2. Pag-iingay, pag-uusap, paggamit ng telepono sa pamamaraang nakakadistorbo sa iba, hindi pakikinig.<br><br>3. Kababaang-loob. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1**<br><br>**Paniniwala at Pagkikipag-ugnay sa Diyos Ukol sa Pagpapakumbaba**<br><br>Sa mga Kristiyano, ang kababaang-loob ang daan tungo sa kabanalan at pananampalataya. Ayon sa aral ni Hesus, ang kababaang-loob ang nagpapakita na ang isang tao ay bukas sa Diyos at sa tao. Si Hesus ang pinakamagandang halimbawa ng kababaang-loob. Nagpakababa Siya sa paglilingkod at pagbibigay ng kaniyang buhay para sa ikabubuti at kaligtasan ng sangkatauhan. | |

Ang kababaang-loob ang nararapat ding asal ng mga Muslim. Ang isang Muslim ay nagpapakumbaba at nagpapailalim sa kalooban ni Allah. Sa mga Hindu naman sa India at ibang lugar sa Asya, ang kababaang-loob ang nagpapakita ng dunong ng isang tao.

Ang pagsamba at pananalangin ay nanggagaling sa pagkilala na nakakataas at makapangyarihan ang Diyos. Napagtatanto ng mananampalataya na siya ay abang lingkod ng isang mapagmamahal, at banal na Diyos. Kaya ang taong may mabuting ugnayan sa Diyos ay may pagkilala ng sariling kakulangan, kahalagahan, at kakayahan. Ang pagmamahal ng Diyos ay nagbibigay-daan sa pagtanggap sa sarili. Ang pag-amin at pagkilala ng pangangailangan sa Diyos ay nagbibigay-daan sa kagustuhang maging maka-Diyos at sundin ang kalooban ng Diyos.

Ang sumusunod ay ang mabubuting dulot ng kababaang-loob sa tao:

1.Ang kababaang-loob ay **nagpapabuti at nagpapalalim** sa relasyon sa Diyos at kapuwa. Lahat yata ng tao ay ayaw sa taong mayabang.
2. Ang kababaang-loob ay **nagbubukas sa damdamin at isip** sa dunong, kapangyarihan, at pagmamahal ng Diyos na maghari sa buhay ng isang tao.
3. Ang kababaang-loob ay **nagbibigay-daan na mapansin at mapuri** ang kabutihan at kagandahan ng pagkatao ng mga taong nakakasalamuha sa araw-araw. Kung may pagpapakumbaba, ang pag-iisip ay hindi nakatuon sa sarili. Ito ay nagpapalalim ng pagkakaibigan at ugnayan sa kapuwa. Nakikita sa iba ang kagalingan at kakayahan. Ikinatutuwa ang kagalingang nakikita sa iba dahil ito ay nakakabuti sa pamayanan.
4. Ang kababaang-loob ang **nagbibigay-daan para sa pagiging mabuti at mapaglingkod na pinuno.** Ang pinunong mapagpakumbaba ay nakakakita ng pangangailangan ng iba. Nag-uudyok ito sa kagustuhang makapaglingkod sa kapuwa.
5. Ang kababaang-loob ay **nagpapatatag sa ating loob.** Nanggagaling ito sa pagkilala na bawat isa ay may iba't ibang kakayahan at hindi kaagaw. Kahit ano ang sabihin ng iba, ang taong may kababaan ng loob ay matatag ang pagkilala sa sariling kakayahan at pag-amin sa kakulangan.

Ayon sa isang kasabihan, "Ang taong tunay na dakila ay mapagpakumbaba."

### Gawang Aralin 1: Mapagpakukumbaba ba Ako?

Masusuri ng mag-aaral kung ang sariling gawi at kilos ay nagpapakita ng pagpapakumbaba.

Tsekan (/) kung aling kilos at asal ang totoo sa iyo.

**Batayan ng Sariling Marka:** 9-10 puntos: Mapagpakumbaba; 7-8 puntos: Mapagpakumbaba Kadalasan; 4-6 puntos: Mapagpakumbaba Paminsan-minsan; 1-3: Kailangang Matutong Magpakumbaba.

| Mga Kilos at Asal | Ako Ito | Hindi Ito Ako |
|---|---|---|
| 1. May mga kakayahan ako pero meron rin akong kahinaan. | | |
| 2. Nasasaktan ako kapag minamaliit ang iba lalo na ang kapos palad. | | |
| 3. Ayokong nahihigitan ako ng kaklase ko. | | |
| 4. Gusto kong ako palagi ang nananalo sa laro. | | |
| 5. Madasalin ako. | | |
| 6. Nagagalit ako kapag pinupuna ang kahinaan ko. | | |
| 7. Natutuwa ako kapag pinupuri at binibigyang-parangal ang mga kaibigan at kakilala ko. | | |
| 8. Ayaw ko ng may naapi sa laro. | | |
| 9. Humihingi ako ng tulong kapag may kailangan ako. | | |
| 10. Masunurin ako sa payo at utos ng aking mga magulang at guro. | | |

## IKALAWANG ARAW

## Kaugnay na Paksa 2

### Paniniwala at Pakikipag- ugnay sa Kapuwa Batay sa Pananampalataya

Ang pananampalataya ay nakatuon sa Diyos. Ngunit ang ating pananampalataya sa Diyos ay nakikita sa ating pakikitungo sa kapuwa. Ito ang tinatawag na **patayo** at **pahalang** na dimensiyon ng ating pananampalataya. Sinasabi sa Bibliya, "Itinuro na Niya sa iyo, kung ano ang mabuti. Ito ang nais ni Yahweh: Maging makatarungan

**Batayan sa Sariling Marka:** Dapat na-Tsekan ang **Ako Ito** sa 1, 2, 5, 7, 8, 9, 10; at na-Tsekan ang **Hindi Ito Ako** sa 3, 4, at 6.

Ang kababaang-loob ay nagbibigay-daan sa pag- aalala sa kalagayan at damdamin ng iba.

Maaaring gusto nating manalo sa lahat ng pagkakataon, pero kung mapagpakumbaba ang isang tao ikatutuwa nito ang kagalingan at tagumpay ng kapuwa kahit nangangahulugan ito ng sariling pagkatalo.

| | | |
|---|---|---|
| | ka sa lahat ng bagay, patuloy mong mahalin ang iyong kapuwa, at buong pagpapakumbabang sumunod ka sa iyong Diyos."[1]<br><br>Makikita natin sa talatang ito ang **patayo** o ang nakatuon sa Diyos na dimensiyon ng pananampalataya ang "buong pagpapakumbabang sumunod ka sa iyong Diyos." "Maging makatarungan ka sa lahat ng bagay, patuloy mong mahalin ang iyong kapuwa," naman ang **pahalang** na dimensiyon. Ito ang ukol sa pakikitungo sa kapuwa. Ang dalawang dimensiyon na ito ay hindi mapaghihiwalay. Ibig sabihin, kapag mabuti ang pakikipag-ugnay sa Diyos, mapagmahal, at makatarungan din ang mga gawa sa kapuwa. Hindi puwedeng sabihin na maganda ang kaugnayan sa Diyos ngunit hindi maganda ang kaugnayan sa kapuwa. Ang pagkamapagmahal at makatarungang buhay ng isang tao, ay nagpapahayag lamang na mabuti ang kaniyang kaugnayan sa Diyos. Ang dalawang dimensiyon ng pananampalataya ay laging magkakasama.<br><br>Ang mabuting kaugnayan sa Diyos ay nakikita sa mabuting pakikitungo at gawa sa kapuwa. Makikita din ito sa Sampung Utos. Ang unang pangkat ng mga utos ay ukol sa kaugnayan sa Diyos. Ang ikalawang pangkat ng mga utos naman ay ukol sa kaugnayan sa kapuwa. Samakatuwid ang pagpapakumbaba at pagpapailalim sa kapangyarihan ng Diyos ay siya rin namang nagiging batayan ng ating buhay at gawa sa kapuwa.<br><br>Ang pinakamagandang paraan ng paglinang ng pagpapakumbaba ay pakikipag-ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ng **pagdarasal at pagsamba**. Kasama na rito ang **pagninilay-nilay**. Ang taong mapagnilay-nilay ay natututo ring **makinig** sa kapuwa, bata man o matanda. Dapat matutong manahimik at magpagsuri sa sarili at sa ating naririnig at natututuhan. Sa ganitong paraan, nabibigyang-halaga at pansin ang mga bagay na tunay na mahalaga. Natutuhan ding **makibagay at makiramdam sa iba.** Nabibigyan ng panahon at pansin ang mga bagay-bagay sa paligid at dahil dito nailalagay sa tama ang pag-uugali at buhay.<br><br>**Gawang Aralin 2: Pataas-Pahalang ng Pananampalataya**<br><br>Sa gawang araling ito matutukoy ng mga mag-aaral kung ang gawa ay na-uugnay sa Diyos o sa kapuwa tao.<br><br>Tukuyin kung ang gawa ay **Pataas** (ugnay sa Diyos), o **Pahalang** (ugnay sa tao o kapuwa). | Ang *vertical* o patayong dimensiyon ng pananampalataya ay pakikipag-ugnay sa Diyos at ang pahalang o *horizontal* na dimensiyon ay pakikipag-ugnay sa kapuwa. Ang dalawang dimensiyon ay magkaugnay at hindi puwedeng paghiwalayin. |

[1] Micas 6:8

| | | |
|---|---|---|
| | ____________ 1. Pagdasal bago matulog<br>____________ 2. Pakikinig sa payo ng lola<br>____________ 3. Pagbabahagi ng pagkain sa kapitbahay na mahirap<br>____________ 4. Pagsisimba tuwing Linggo<br>____________ 5. Pakikilahok sa pag-aaral ukol sa pananampalataya<br>____________ 6. Pangungumpisal<br>____________ 7. Pagsasabi nang totoo<br>____________ 8. Pag-amin ng kasalanan sa kapatid<br>____________ 9. Pagbigay-daan sa linya para sa nagmamadaling ale<br>____________ 10. Pagpansin at pagpuri sa magandang gawa ng kaklase.<br><br>**IKATLONG ARAW**<br><br>**Kaugnay sa Paksa 3: Paglalapat ng mga Aral ng Pananampalataya sa Pakikipag-ugnay sa Kapuwa: Pagpapakumbababa**<br><br>Ang pagpapakumbaba ay isang mahalagang aspekto ng pag-unlad sa personal na buhay. Sa pagpapakumbaba, naipapakita ang pagpapahalaga sa kapuwa. Naiwawaksi nito ang pagkamakasarili (*selfishness or self-centeredness*). At dahil dito nabubuksan ang pintuan para sa mas magandang ugnayan at pagkakataon.<br><br>Narito ang ilang mga pamamaraan para masanay at mapanatili ang kababaan ng loob:<br><br>1. **Pagsusuri ng Sarili:** Alamin ang sariling kakayahan at limitasyon. Alamin at tanggapin ang mga aspekto na nangangailangan pang pagbutihin.<br><br>2. **Pagtanggap sa Puna:** Makinig at huwag matakot sa mga puna mula sa ibang tao. Ituring ang mga ito bilang pagkakataon na mapabuti pa.<br><br>3. **Pagtulong sa mga Nangangailangan:** Sanayin ang sarili sa pagtulong at suporta sa iba na walang hinihintay na kapalit.<br><br>4. **Pagpapatawad:** Matutong magpatawad. Ang pagpapatawad ay nagpapakita ng pag-unawa at pagpapakumbaba. Matuto ding tumanggap ng pagkakamali. | **Mga tamang sagot:**<br><br>1. Pataas<br>2. Pahalang<br>3. Pahalang<br>4. Pataas<br>5. Pataas/Pahalang (sa gawaing ito ang mabuting kaugnayan sa Diyos at kapuwa ay nalilinang)<br>6. Pataas<br>7. Pahalang<br>8. Pahalang<br>9. Pahalang<br>10. Pahalang |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
5. Pagkilala sa Kontribusyon ng Iba: Kilalanin ang mga tagumpay at kontribusyon ng iba. Huwag ipagmayabang ang sariling tagumpay.<br><br>
6. Pagpapahalaga at Pagpapasalamat sa Simpleng Bagay: Huwag kaligtaang pahalagahan ang mga ordinaryong bagay sa buhay. Ang pagkain sa hapag kainan, ang tubig na ginagamit, ang hanging libre at bagong araw tuwing umaga.<br><br>
7. Pagmumuni-muni o Pagninilay-nilay. Ang pagkakaraoon ng oras sa pagninilay-nilay sa bahay sambahan man o pag-iisa ay nagbubukas sa ating isip at puso sa mas malalim at malawak na kaalaman.<br><br>
Gawang Aralin 3. Pagsuri, Pag-unawa, at Pagpalagay<br><br>
Sa gawang araling ito susuriin, uunawain, at ipagpapalagay ng mag-aaral ang sarili, sa kalagayang isinalarawan sa paglapat ng natutuhan sa aralin.<br><br>
Basahin, unawain, ipagpalagay ang iyong sarili sa sitwasyon at sagutin ang tanong.<br><br>
1. Nasagi mo at nabasag ang basong paborito ng ate mo sa paghugas mo ng pinggan matapos ang hapunan. Wala namang nakakita. Pagkaumaga hinanap ng ate mo ang kaniyang paboritong baso. Ano ang gagawin mo? Ano ang sasabihin mo?<br><br>
Ang gagawin ko:<br>
________________________________________________<br><br>
Ang sasabihin ko:<br>
________________________________________________<br><br>
2. Mababa ang markang nakuha mo sa Araling Panlipunan dahil Bisaya ka at nahihirapan kang umunawa ng aralin sa wikang Filipino. Hindi ito ang markang inaasahan ng mga magulang mo. Ano ang gagawin mo? Ano ang sasabihin mo?<br><br>
Ang gagawin ko:<br>
________________________________________________<br><br>
Ang sasabihin ko:<br>
________________________________________________
</td>
<td>
Batayan sa Pagmarka:<br><br>
11-12/12: Litaw na litaw sa bawat sagot ang pagtanggap ng kakulangan, pagkilala ng sariling kakayahan, pagkilala ng kakayahan ng iba, at pagpapakumbaba.<br><br>
8-10/12: Litaw sa mga sagot ang pagtanggap ng kakulangan, pagkilala ng sariling kakayahan, pagkilala ng kakayahan ng iba, at pagpapakumbaba.<br><br>
5-7/12: May pagtanggap ng kakulangan, pagkilala ng sariling kakayahan, pagkilala ng kakayahan ng iba, at pagpapakumbaba.<br><br>
1-4/12: Kailangang isabuhay ang pagtanggap ng kakulangan, pagkilala ng sariling kakayahan, pagkilala ng kakayahan ng iba, at pagpapakumbaba.
</td>
</tr>
</table>

3. Napuna at napagsabihan ka sa di paggawa ng proyekto sa klase ng inyong guro. Wala kasing naibigay na pera ang tatay at nanay mo sa araw na iyon. Hindi ka nakabili ng kailangang gamit. Ano ang gagawin mo? Ano ang sasabihin mo?

Ang gagawin ko:

______________________________________________________________

Ang sasabihin ko:

______________________________________________________________

4. Nakikita mong maganda ang gawa ng mahiyaing kaibigan mo, pero hindi ito napapansin. Ano ang gagawin mo? Ano ang sasabihin mo?

Ang gagawin ko:

______________________________________________________________

Ang sasabihin ko:

______________________________________________________________

**D. Paglalahat**

**IKAAPAT NA ARAW**

**Pabaong Pagkatuto**

**Kumpisulat: Pangungumpisal sa Sulat**

Bumuo ng maikling sulat ng paglalarawan sa sariling kakayahan at pangungumpisal ng kahinaan na may pagsasaalang-alang sa kinabibilangang pamayanan. Maaaring kay Hesus o sa isang malapit na kaibigan na nakakaunawa, nagmamahal, at magpapatawad sa iyo. Isulat sa unang talata ang iyong kakayahan gayundin ang kahinaan na kailangan mong baguhin. Sa ikalawang talata naman ang mga gagawin mo para mapabuti ang kahinaan para sa ikabubuti ng pamayanan.

**Rubrik Para sa Pagsusuri:**

| Pamantayan | | | | | | Kabuoa ng Puntos |
|---|---|---|---|---|---|---|

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Nilalaman at Diwa: 1.Pagkilala ng sariling kakayahan at tungkulin sa pamayanan<br>2. Pagkilala ng sariling kahinaan at pangangailangan<br>3. Pagsuri at kamalayan sa sarili<br>4. Alam ang dapat gawin para sa ikalalago sa pagpapakumbaba. | **10/10**<br><br>Napakahusay na nilalaman at diwa alinsunod sa aralin | **8-9/10**<br><br>Mahusay na nilalaman at diwa alinsunod sa aralin | **6-7/10**<br><br>Mayroong nilalaman at diwa alinsunod sa aralin | **3-5/10**<br><br>Hindi mahusay na nilalaman at diwa alinsunod sa aralin | **1-2/10**<br><br>Walang nilalaman at diwa alinsunod sa aralin | **10/10** |
| Kabuoang Kaayusan: maayos ang pagsulat alinsunod sa panuto | **5/5**<br>Napakahusay na kabuoang kaayusan | **4/5**<br>Mahusay na kabuoang kaayusan | **3/5**<br>Mayroong kabuoang kaayusan | **2/5**<br>Hindi Mahusay na kabuoang kaayusan | **1/5**<br>Walang kabuoang kaayusan | **5/5** |
| | | | | | | **15/15** |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Pagsusulit. Pagpakumbaba: Pataas-Pababa at Pahalang *Puzzle***<br><br>Sa *puzzle* na ito pangmatagalang maaalala, matutukoy at maiuugnay ng mag-aaral ang mga salita at konsepto ukol sa pagpapakumbaba at pananampalataya.<br><br>Hanapin at bilugan ang mga salitang ugnay sa dimensiyon ng **pataas at pahalang** ng pananampalataya at pagpapakumbaba. | **Mga pinakamahahabang salita:**<br><br>Pataas: Pagpakumbaba, Madasalin, Pagsamba, Pag-amin<br><br>Pahalang: Pagmamahal, Di Mayabang, Pagtulong, Wag sakim, Alalahanin, Makatarungan, Muni-muni |

Magtala ng limang pinakamahahabang salita sa *puzzle* at isalaysay ang kahalagahan at kaugnayan nito ukol sa pananampalataya at pakikitungo sa kapuwa.

| | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | A | G | M | A | M | A | H | A | L | P | A | M |
| A | M | U | N | I | M | U | N | I | T | A | D | A |
| G | W | A | G | S | A | K | I | M | M | G | I | D |
| P | A | G | T | U | L | O | N | G | A | S | Y | A |
| A | L | A | A | N | A | K | I | I | S | A | O | S |
| K | T | O | T | O | O | A | A | A | P | M | S | A |
| U | D | A | M | D | A | M | I | N | A | B | A | L |
| M | A | K | A | T | A | R | U | N | G | A | N | I |
| B | A | H | A | G | I | H | A | N | A | A | T | N |
| A | G | U | M | A | W | A | L | A | M | S | A | S |
| B | A | A | A | M | A | K | I | N | I | G | K | A |
| A | L | A | L | A | H | A | N | I | N | A | O | L |
| D | I | M | A | Y | A | B | A | N | G | A | T | A |

**Gabay sa Pagmarka:**
1. **Sa *puzzle*** 16+ na mga salita-**Napakagaling,** 13+na mga salita-**Magaling,** 9-12 na mga salita **Galingan pa**, 1-8-na mga salita-**Kailangan ng Pagpapakagaling.**
**2. Bawat numero ng salita at ugnay na salaysay:** 4/4-litaw na litaw ang kaugnayan ng salaysay sa aralin, 3/4-litaw ang kaugnayan ng salaysay sa aralin, 2/4-naiuugnay ang salaysay sa aralin, 1/4-maaaring maugnay ang salaysay sa aralin.

Isulat sa nakalaang guhit ang limang pinakamahahabang salita na nakita mo at gumawa ng salaysay ng kaugnayan nito sa pananampalataya at tungkulin sa kapuwa:

1. ________________________ - __________________________________________________
2. ________________________ - __________________________________________________
3. ________________________ - __________________________________________________
4. ________________________ - __________________________________________________
5. ________________________ - __________________________________________________

**Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**
Gumawa ng maikling salaysay ukol sa kasabihang, "*Cleanliness is next to Godliness*" o "Ang Pagiging malinis ay kasunod ng pagiging maka-Diyos." Ipakita ang kaugnayan ng kalinisan sa pananampalataya.

**Halimbawa:**
1.Pagpapakumbaba-Kailangan ang pagpapakumbaba sa pag-amin ng sariling kahinaan at sariling pangangailangan.

**Halimbawa ng Takdang Aralin:**

<table>
<tr><td></td><td>____________________________________________<br>____________________________________________<br><br>Rubrik sa Marka ng Takdang Aralin:<br><br>5/5: Malinaw ang pagkakaugnay ng kalinisan sa pananampalataya at tungkulin sa kapuwa sa gawa.<br>3-4/5: Naiugnay ang kalinisan sa pananampalataya at tungkulin sa kapuwa sa gawa.<br>1-2/5: Maaring maugnay ang kalinisan sa pananampalataya at tungkulin sa kapuwa sa gawa.</td><td>Ang kalinisan ay utos at pina-iiral ng mga pananampalatayang Judaismo, Kristiyano, Muslim, at iba pang kultura. Napag-alaman na ang kalinisan ay kinakailangan sa ligtas, malusog, at masaganang pamumuhay ng pamayanan.</td></tr>
<tr><td>B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td><table>
<tr><th>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</th><th>Epektibong Pamamaraan</th><th>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</th></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
</table></td><td>Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.</td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td>Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td>Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito.</td></tr>
</table>